

Apple Health Expansion Agosto 2024 pulong ng feedback ng komunidad

Buod ng feedback ng komunidad na natanggap

Noong Agosto ika-26, nag-host ang Health Care Authority (HCA) ng isang pulong ng feedback ng komunidad upang mangalap ng input sa panandaliang patakaran sa pamamahala ng pagpapatala para sa Apple Health Expansion. Nakatanggap ang HCA ng karagdagang feedback sa pamamagitan ng email mula Agosto 9 hanggang Setyembre 6. Tatlong opsyon kung paano ipatupad ang isang solusyon ay ibinahagi. Ang isang karaniwang tema na ibinahagi para sa lahat ng mga opsyon ay upang matiyak ang transparency at pananagutan habang pinapatakbo ang napiling patakaran.

Upang manatiling may alam tungkol sa Apple Health Expansion mga update sa pagpapatala, tingnan ang [anunsyo sa pagpapatala](#).

Panoorin ang [recording ng webinar](#) o tingnan ang [mga slide ng pagtatanghal](#) (magagamit sa [na wika](#)).

Opsyon 1: First come, First serve (pahina 8-9 ng presentasyon)

- Feedback ng karamihan: Kinakailangan sa mga kliyente na mag-aplay muli sa pamamagitan ng isang napakabigat na proseso.
- Maaaring makinabang sa opsyong ito ang mga Navigator na nagtatrabaho sa mga indibidwal na edad 65 pataas o nangangailangan ng karagdagang suporta dahil sa likas na katangian ng first come, first serve.
- Maaaring hindi magiging mabisa dahil maaari itong lumikha ng hindi pantay na mga pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na populasyon na magpatala sa Apple Health Expansion.
- Maaaring walang internet access ang mga kliyente para mag-apply online.
- Ang iskedyul ng trabaho o pisikal na lokasyon ng mga kliyente ay maaaring makagambala sa kanilang kakayahang mag-access ng personal na tulong mula sa mga navigator o opisina ng serbisyo sa komunidad.
- Nagiging sanhi ng hindi nararapat na pasanin sa mga potensyal na aplikante upang kumilos sa isang sandali nang walang sapat na paunang kamalayan na hahantong sa pagkabigo sa komunidad.

Opsyon 2: Mga kwalipikadong Apple Health sakop na indibidwal (pahina 10-11 ng presentasyon)

- Potensyal na sumusuporta sa mga may kumplikadong pangangailangan na higit na nangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan.
- Hindi pinapayagan ang mga indibidwal sa labas ng Apple Health o isang kwalipikadong planong pangkalusugan (QHP) na magpatala.
- Maaaring ibukod ang mga indibidwal na unang tinanggihan para sa Apple Health Expansion at hindi kayang magbayad ng QHP.
- Maaaring paghigpitan ang mga aplikante sa pamamagitan ng pagbibigay-prioridad sa mga indibidwal na mayroon nang saklaw sa kalusugan.
- Bagama't hindi gaanong mabigat kaysa sa opsyon 1, naglalagay ng pasanin sa mga indibidwal na hindi nakaseguro at hindi ito isang mabisang patakaran na dapat isaalang-alang.

Opsyon 3: Kasalukuyang panandaliang patakaran – Random na pagpili ng mga tinanggihang aplikasyon (pahina 12-13 ng presentasyon)

Ang input ng komunidad ay nagpahiwatig ng pinakamataas na kagustuhan para sa kasalukuyang panandaliang patakaran sa pagpapatala at kinilala na ang opsyong ito ay mas mahusay kaysa sa opsyon isa at dalawa.

- Feedback ng karamihan: Ang mga indibidwal na maaaring mangailangan ng higit na saklaw ay maaaring hindi kasama sa pagpapatala.
- Binibigyang-diin ng opsyong ito ang pagkakapantay-pantay ngunit hindi ang ekwidad.
- Maaaring hindi magpatuloy ang mga indibidwal na mag-aplay at sa gayon ay hindi kasama sa random selection pool.
- Ang mga higit na nangangailangan ng pangangalaga ay hindi nakakakuha ng pinamamahalaan/pinag-ugnay na pangangalaga, maliban kung sila ay random na pinili para sa isang lugar.
- Bagama't hindi perpekto ang opsyong ito sa kabuuan nito, ang mga tinanggihang aplikante ay maaari pa ring random na mapili na maaaring mabawasan ang pagkabigo at pagkasiphayo sa loob ng populasyon.
- Ang opsyong ito ay nagbibigay ng mas kaunting pasanin sa mga kliyente dahil kapag sila ay tinanggihan, sila ay mapupunta sa grupo ng mga aplikante upang random na mapili para sa isang puwesto sa Apple Health Expansion at hindi na kailangang mag-apply muli.

Inilista ng feedback ng komunidad ang mga sumusunod na mungkahi para sa pagpapatupad ng opsyon sa patakarang ito:

- Ang paunang komunikasyon sa mga indibidwal na napili para sa Apple Health Expansion dahil sa random na pagpili ay dapat na malinaw at maigsi sa kung ano ang nangyayari at kung anong mga aksyon ang kailangan nilang gawin (kung mayroon man).
- Ang mga aplikanteng dating tinanggihan dahil sa cap ay dapat isama sa random selection pool.
- Dapat itong maging malinaw sa kung anong mga populasyon ang isinasaalang-alang para sa random na pagpili at malinaw na ipinapaalam ito sa komunidad.
- Dapat ipaalam sa komunidad ang tungkol sa pagpapatupad ng panandaliang opsyon sa pagpapatala kasama ng mga patakaran at pamamaraan ng HCA para sa pagpuno ng mga puwesto.